# Binaluktot ko ang kwintas ng hayop [na kakatayin bilang pag-alay] ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-pagkatapos ay linagyan ko ito ng palatandaan at sinabitan niya ng kwintas o sinabitan ko ito ng kwintas-pagkatapos ay ipinapadala niya ito sa Ka`bah,at naninirahan siya sa Madinah.Hindi niya ipinagbawal sa kanyang [sarili] ang mga bagay [na ipinagbabawal sa taong nasa kalagayan ng ihram] na sa kanya ay ipinahintulot

Ayon kay `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya.-siya ay nagsabi: ((Binaluktot ko ang kwintas ng hayop [na kakatayin bilang pag-alay] ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-pagkatapos ay linagyan ko ito ng palatandaan at sinabitan niya ng kwintas o sinabitan ko ito ng kwintas-pagkatapos ay ipinapadala niya ito sa Ka`bah,at naninirahan siya sa Madinah.Hindi niya ipinagbawal sa kanyang [sarili] ang mga bagay [na ipinagbabawal sa taong nasa kalagayan ng ihram] na sa kanya ay ipinahintulot))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay dinadakila niya ang Ka`bah at binabanal niya ito,At kapag hindi siya nakakarating dito mismo sa sarili niya,nagpapadala siya rito ng Hadiy [hayop bilang pang-alay],bilang pagdadakila sa kanya,at pagpapaluwag sa mga nakapalibot rito.At kapag nagpadala siya ng Hadiy [hayop bilang pang-alay],linalagyan niya ito ng palatandaan at sinasabitan ng kwintas;para malaman ng mga tao na ito ay Hadiy [hayop bilang pang-alay] sa maluwalhating Ka`bah.kaya igagalang nila ito,at hindi nila ito gagawan ng masama,Nabanggit ni `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya-bilang pagpapatibay sa naiulat: Na binabaluktot niya ang kwintas nito,at kapag ipinapadala niya ito-at siya ay naninirahan sa Madinah-Hindi niya iniiwasan ang mga bagay na iniiwasan ng taong nasa kalagayan ng Ihram; mula sa mga kababaihan,pabango,pagsuot ng may sinulid at iba pang tulad nito,subalit nananatili siya sa pagpapahintulot sa sarili niya,sa lahat ng mga bagay na ipinapahintulot sa kanya.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee